




Bagong tulong para makita, iwasan, at iulat ang mga scam sa maraming wika



Nakakapagsalita sa iyong wika ang mga scammer. Kaya tumatanggap na ngayon ng FTC ang mga ulat sa maraming wika. Para mag-ulat sa Mandarin, Tagalog, Vietnamese, Pranses, Arabic, Koreano, Ruso, Portuges, Polish, at marami pang ibang wika, tawagan ang FTC sa (877) 382-4357. Pindutin ang 3 para

makipag-usap sa isang tagasalin sa wika. Para mag-ulat ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan, tumawag sa (877) 438-4338 at piliin ang opsyon para sa mas gusto mong wika. Bukas ang mga linya sa pagitan ng 9am-5pm Eastern.

Mas gustong mag-ulat online? Magpatulong sa isang taong pinagkakatiwalaan mo na iulat ito sa Ingles sa [ReportFraud.ftc.gov](https://www.ftc.gov/identitytheft) o [IdentityTheft.gov](https://www.identitytheft.gov). Makukuha mo ang agarang gabay sa mga susunod na hakbang.

Pero teka, may higit pa. Ngayon ay makakahanap ka ng payo sa isang dosenang wika sa [ftc.gov/languages](https://www.ftc.gov/languages). Doon malalaman mo kung paano maiiwasan ang scam, kung ano ang gagawin kung nagbayad ka sa isang scammer, at kung paano maiiwasan ang mga scam na pinupuntirya ang iyong maliit na negosyo. Mayroon pa ngang handbook tungkol sa panloloko para sa mga dumating kamakailan sa Estados Unidos.

Mas gustong makakuha ng naka-print na impormasyon? Sa [ftc.gov/bulkorder](https://www.ftc.gov/bulkorder), puwede kang mag-order ng mga libreng publikasyon sa maraming wika. Ngayon naman, i-order ang Paano Maiiwasan ang Scam at Mga Scam at ang Iyong Maliit na Negosyo sa Pinasimpleng Tsino, Koreano, at Vietnamese. At, gaya ng sa tuwina, tingnan ang [ftc.gov/ordenar](https://www.ftc.gov/ordenar) para mag-order sa Espanyol.

Nakuha mo man ang mga babasahin ng FTC online o nang naka-print, umaasa kaming ibabahagi mo ang mga ito sa iyong pamilya at mga kaibigan sa iyong mga komunidad. Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng nalalaman mo tungkol sa mga scam at pag-uulat ng nakikita mo, makakatulong kang mapatigil ang mga scam at maprotektahan ang iyong komunidad.